Ipinagbawal ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang pagsuot ng sutla maliban sa dalawang lalagyan sa daliri o tatlo o apat

Ayon kay `Umar bin Al-Khaṭṭāb, malugod si Allah sa kanya-Tunay na ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-((ay nagbawal sa pagsuot ng sutla maliban sa ganito;At itinaas sa amin ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang dalawang daliri nito:Ang hintuturo at ang hinlalato)) At sa kay Imam Muslim: ((Ipinagbawal ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang pagsuot ng sutla maliban sa dalawang lalagyan sa daliri o tatlo o apat))

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Tunay na ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay ipinagbawal niya sa mga kalalakihan ang pagsuot ng sutla maliban sa ipinahintulot niya,At ang ipinahintulot niya na [binanggit] sa Hadith na napagkaisahan sa katumpakan ay ang dalawang daliri,at sa salaysay ni Imam Muslim: ay [maaaring] tatlo o apat at higit pa,Walang mali hanggang sa dami ng apat na daliri mula sa pagsuot ng sutla,Tingnan mo ang Ta`sis Al-Ahkam

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3002